


**Mga halimbawa ni Tobit**

**1** • [1] Ito ang kasaysayan ni Tobit na anak
ni Tobiel na anak naman ni Ananiel na
anak ni Adunel na anak ni Gabael mula sa lahi
ni Asiel sa tribu ng Neftali. [2] Nang kapanahunan
ni Salmanaser na hari ng Asiria, ipinatapon si
Tobit mula sa Tisbe na nasa hilaga ng Kades ng
Neftali sa Galilea, sa itaas ng Aser.

[3] Ako, si Tobit, ay nakapaglakbay sa mga
daan ng katotohanan at katarungan sa buong
panahon ng aking buhay; nakapagbigay ako ng
maraming limos sa aking mga kamag-anak at
mga kababayan na ipinatapong kasama ko sa
Ninive na isang lunsod sa bansa ng mga Asirio.

[4] Nang bata pa ako at nasa lupain ng Israel na
aking bansa, humiwalay sa angkan ni David sa
Jerusalem ang buong tribu ng aking amang si
Neftali. Gayunman, ito ang lunsod na pinili ng
lahat ng tribu ng Israel upang doon mag-alay ng
mga handog ang lahat ng lipi, at doon itinayo at
itinalaga magpakailanman ang Templong Ba-
hay ng Diyos na Kataas-taasan para sa lahat ng
salinlahi.

[5] Humiwalay ang buong tribu, kasama na ang
tribu ng Neftaling aking ama, at naghandog sa
bakang si Baal na itinalaga sa Dan ni Jeroboam
na hari ng Israel, sa kaburulan ng Galilea. [6] Ma-
limit akong pumunta nang mag-isa sa Jeru-
salem para sa mga piyesta, gaya ng iniuutos sa
buong Israel ng isang walang-hanggang kau-
tusan ng Kasulatan. Dinala ko ang mga unang
bunga at ikapung bahagi ng aking ani, at ang una
sa pinaggupitan sa aking mga tupa. [7] Ibinigay ko
ang mga ito sa mga pari na mga anak na lalaki ni
Aaron para sa altar; ibinigay ko ang ikapung
bahagi ng mais, alak, olibo, iba pang prutas, igos
at ng iba pang bungangkahoy sa mga Levitang
naglilingkod sa Jerusalem. Ipinagbili ko ang ika-
lawang ikapung bahagi tuwing ikaanim na taon
at ginasta ang salapi sa Jerusalem.

[8] Ibinigay ko naman ang ikatlong ikapung
bahagi sa mga ulila at mga biyuda at sa mga
paganong sumasampalataya na sumama sa
mga Israelita. Binibigyan ko sila tuwing ikatlong
taon at kumakain kami ayon sa mga tuntunin ng
Batas ni Moises tungkol dito, at ayon sa mga
tagubiling ginawa ni Debora na ina ng aking
ama, sapagkat iniwan akong ulila ng aking ama.

---

• **1.**1 Isang maikling salaysay ang aklat ni Tobias (tingnan ang Introduksyon sa aklat ni Ester). Isa ito sa mga aklat na *Deuterocanonical*: tingnang ang p. 754.

Sino si Tobias? Isa siyang Judiong taga-hilagang Palestina, mula sa tribu ng Neftali, na ipinatapon sa Asiria.

Ang Tobit na ama ay taong sinubok ng Diyos pero hindi itinakwil. Ang pagtitiyaga niya sa panalangin ang naghatid sa kanya ng mga pagpapala ng Diyos. Gaya ng sinasabi natin ngayon: "Maaaring maantala ang Diyos ngunit hindi siya nakakalimot."

Nang maging administrador ng hari si Tobias, hindi lumaki ang ulo niya ni nangmata ng kapwa. Nanatili pa rin siyang tapat sa kanyang mga kapwa dukha at itinapon. Isa siyang halimbawa ng pakikipagkaisa para sa atin.

Kahit na kasawiampalad ang idinudulot ng kabutihang ginagawa niya, tapat pa rin siya sa kanyang Diyos at hinaharap ang mabibigat na sitwasyon. Sa kanyang karukhaan, nagmamalasakit pa rin siya sa kanyang mga kapatid.

Hindi siya nagpapadala sa pagbibiro ng iba, ni sa kanyang asawa na ipinapamukha sa kanya ang kabutihang ginagawa niya.

Hinaharap ng kanyang asawang si Ana ang sitwasyon sa pamamasukan bilang katulong sa bahay ni Ahikar, gayong mayaman sila dati.

Ipinakikita ng pagpapahalaga ni Tobit na isalin ang kanyang relihiyon sa kanyang anak at ng kanyang malasakit para sa kinabukasan ng kanyang anak na siya nga ay isang tunay na ama.

9 Nang husto na ako sa edad, pinakasalan ko
si Ana na kalahi ko, at nagkaanak kami, si
Tobias. 10 Nang dalhin ako sa lunsod ng Ninive
bilang bilanggo, kumain ng pagkain ng mga
pagano ang lahat kong kamag-anakan at ka-
lahi. 11 Ngunit sinupil ko ang aking sarili upang
hindi kumain niyon 12 dahil buong-puso kong
inalaala ang Diyos. 13 Ginawa ng Kataas-taasan
na pahalagahan ako ni Salmanaser at ginawa
niya akong tagapamili. 14 Lagi akong nagpu-
punta sa Media para ipamili siya hanggang sa
siya'y mamatay. Isang araw, ipinagkatiwala ko
kay Gabael na kapatid ni Gabria na nakatira sa
Raques ng Media, ang isang sakong may sam-
pung bareta ng pilak.

15 Pagkamatay ni Salmanaser, humalili sa
kanya bilang hari ang kanyang anak na si
Senakerib. Sa kanyang kapanahunan, nagka-
roon ng paghihimagsik sa mga lagusan sa Me-
dia, kaya hindi na ako nakapunta sa Media.
16 Nang si Salmaneser pa ang hari, nakapag-
bigay ako ng maraming abuloy sa aking mga
kamag-anak. 17 Ibinigay ko ang aking tinapay sa
mga nagugutom, ang aking damit sa mga
hubad, at kapag nakakita ako ng patay mula sa
aking tribu na itinapon ang bangkay sa moog ng
Ninive, inililibing ko iyon. 18 Lihim kong inilili-
bing ang mga ipinapapatay ni Haring Senakerib
sa pagbabalik niya mula sa Judea nang paru-
sahan siya ng hari ng Langit dahil sa mga ka-
lapastanganang sinabi niya. Lalo siyang nagalit
at pinatay niya ang maraming anak ng Israel.
Hinanap ng hari ang mga bangkay pero hindi
natagpuan. 19 Pumunta naman sa hari ang isang
taga-Ninive at sinabing inilibing ko ang mga
iyon, kayat nagtago ako.

Matapos kong mabalitaang pinaghahanap
ako para patayin, natakot ako kaya lumabas
ako at tumakas sa malayo. 20 Inilit ang lahat
kong ari-arian para sa kabang-yaman, at wa-
lang anumang naiwan sa akin maliban sa aking
maybahay na si Ana at sa aking anak na si
Tobias.

21 Ngunit apatnapung araw pa lamang ang
nakalilipas nang patayin si Senakerib ng dalawa
niyang anak na lalaki. Tumakas sila pa-Bundok
Ararat at naging hari si Asarhadon na anak ni
Senakerib. Hinirang naman ni Asarhadon si
Ahikar na anak ng kapatid kong si Anael na
mamuno sa pangangasiwa. 22 Namagitan si
Ahikar para sa akin at nagbalik ako sa Nineve.
Ang pamangkin kong si Ahikar ang pinuno ng
mga tagapagdala ng kopa, tagapag-ingat ng
mga pantatak, administrador at tagabilang.
Ginawa siya ni Asarhadon na pangalawa la-
mang sa kanya.

**2** 1 Sa paghahari ni Asarhadon, umuwi ako
sa aking bahay, at ibinalik sa akin ang
aking maybahay na si Ana at ang aking anak na
si Tobias. Sa Piyesta ng Pentekostes na Piyesta
ng Pitong Sanlinggo, ipinaghanda nila ako ng
masarap na pagkain at dumulog ako para
kumain. 2 Maraming pagkain kaya sinabi ko sa
aking anak: "Humayo ka anak ko, maghanap ka
ng ilang mga dukha sa mga kamag-anak nating
ipinatapon sa Ninive at nakaaalala sa Pangi-
noon at dalhin mo rito para makasalo natin.
Hihintayin ko sila rito." 3 Nang magbalik si To-
bias, sinabi niya: "Ama, isa sa ating kamag-
anak ang binigti at inihagis sa plasa." 4 Agad
akong lumabas na hindi nagagalaw ang pag-
kain, at kinuha ko ang taong iyon at dinala sa
isang silid at hinintay na magdapit-hapon para
ilibing. 5 Nang makauwi ako, naligo ako at ma-
lungkot na kumain. 6 Naalala ko ang mga salita
ni Propeta Amos laban sa Betel: "Magiging
pagluluksa ang iyong mga piyesta. Magiging
panaghoy ang iyong mga awit."

7 At umiyak ako.

Lumabas ako nang dapithapon na, naghu-
kay ako at inilibing ko siya. 8 Pinagtawanan ako
ng aking mga kapitbahay, at sinabi nila: "Hindi
na siya natatakot na mapatay; tumakas na nga
siya noon dahil sa paggawa niya nito, at nga-
yo'y naglilibing na naman siya ng patay."

9 Nang gabi ring iyon, naligo ako at lumabas
sa patyo at nahiga sa may pader at walang takip
ang aking mukha dahil sa init. 10 Hindi ko na-
kitang may mga maya sa ibabaw ng pader ng
patyo. At pumatak sa aking mga mata ang
mainit na dumi ng mga ito, at nagkaroon ng
mapuputing bahid ang aking mga mata. Nag-
punta ako sa mga doktor para magpagamot
pero habang dumarami ang ipinapahid nila sa
aking mga mata ay lalo naman akong hindi
makakita, hanggang sa nabulag na nga ako.
Apat na taon akong di makakita. Nahirapan ang
aking mga kapatid. Dalawang taon akong
inalagaan ni Ahikar hanggang pumunta siya sa
Elimaida.

11 Ginagawa naman ni Ana na aking asawa
ang gawaing-babae: ang paghahabi, ipinada-
dala niya ang kanyang gawa at sumusuweldo
siya. 12 Sa ikapitong araw ng buwan ng Marso,
nakatapos siya ng isa niyang gawa at inihatid sa
kanyang pinaglilingkuran. At bukod sa isinu-
weldo sa kanya'y binigyan pa siya ng isang
batang kambing para sa pagkain. 13 Nang ma-
kauwi siya, nagsimulang umiyak ang hayop.
Sinabi ko sa kanya: "Saan ba galing ang kam-
bing na 'yan? Hindi kaya nakaw 'yan? Isauli mo

iyan sa may-ari dahil hindi tayo makakakain ng
anumang nakaw."
14 Ngunit sinabi niya: "Regalo ito sa akin,
bilang karagdagan sa suweldo ko." Hindi ako
naniwala at sinabi kong ibalik niya iyon sa may-
ari. Nainis na ako. Ngunit sumagot siya: "Na-
saan na ngayon ang iyong mga paglilimos at
mabubuting gawa? Tinitiis kong lahat ang mga
ito!"

**Panalangin ni Tobit**

3 • 1 Namimighati at umiiyak, nagsimula
akong manalangin nang malungkot. 2 Si-
nabi ko: "Makatarungan ka, O Panginoon, at
matuwid ang lahat mong mga gawa. Habag at
katotohanan ang iyong mga daan, at laging
*tunay at makatarungan ang iyong paghuhu-*
kom. 3 Alalahanin mo ako, Panginoon, at ako'y
lingapin. Huwag akong parusahan sa aking mga
sala na di ko sinadya o sa mga pagkakamali
namin ng aking mga ninunong nagkasala sa
iyong harapan. 4 Sapagkat sinuway nila ang
iyong mga utos, at pinabayaan mo namang
pagnakawan kami, bihagin at patayin. Pinaba-
yaan mo kaming pagtawanan ng lahat ng ban-
sang pagano na pinagkalatan mo sa amin.
5 Ngunit makatarungan ang lahat mong hatol
nang ipasya mong parusahan ako sa mga ka-
salanan ko at ng aking mga ninuno, sapagkat
hindi namin tinupad ang iyong kalooban, at
hindi rin sinunod nang tapat ang iyong mga utos.
Hindi kami lumakad sa katotohanan sa harap
mo.
6 Gawin mo sa akin ang gusto mo. Iutos mong
kunin na ang aking diwa at gawin akong alabok,
sapagkat mas mabuti pa sa akin ang mamatay
kaysa mabuhay.
Sapagkat mas malungkot ako pagkarinig ko
ng mga panunumbat na di makatwiran. Iutos
mong makalaya ako ngayon sa mga pagsubok
at papasukin sa aking walang-hanggang taha-
nan. Huwag mong illayo sa akin ang iyong
mukha."

**Kasawian ni Sara**

• 7 Nang araw ding iyon, sa Ekbatana ng
Media, si Sara na anak na babae ni Raguel ay
ininsulto sa gayunding paraan ng mga batang
utusang babae ng kanyang ama. 8 Pito na ang
naging asawa ni Sara, ngunit pinatay ng demon-
yong si Asmodeo ang bawat isa bago sila ma-
kapagtalik.
Sinabi ng mga utusan: "Ikaw ang pumatay sa
iyong mga asawa. Pito na ang naging asawa mo,
pero hindi ka nagkaroong-kasiyahan kaninu-
man sa kanila. 9 Bakit mo kami pinarurusahan?
Dahil patay na sila, sumama ka na sa kanila.
Hindi sana namin makita ang anak mo!"
10 Nang araw ding yaon, balisang-balisa si
Sara kayat umakyat siya sa silid sa itaas ng
bahay ng kanyang ama. Gusto niyang magbigti.
Ngunit napag-isip niyang mabuti at sinabi:
"Baka naman sumbatan ng mga tao ang aking
ama at sabihin sa kanya: 'Iisa ang iyong anak na
babae na mahal mo at nagbigti siya dahil sa
lungkot.' Mamamatay sa dalamhati ang aking
ama dahil sa akin. Makabubuting huwag akong
magbigti, at sa halip ay hingin ko sa Panginoon
na mamatay na ako kaysa mabuhay at maka-
rinig pa ng mga paghamak."

---

• **3.**1 Itinalaga niya ang kanyang buhay sa pagiging tapat sa Diyos. Naging dukha siya, nabulag at ininsulto pa ng kanyang asawang si Ana. Ano ang kanyang niloloob? Ang iharap sa Diyos ang kanyang problema nang walang inireklamong sinuman, kahit ang kanyang asawa.

Paulit-ulit nating makikita sa Biblia na sinusubok muna tayo ng Diyos bago niya tayo bigyan ng espesyal na biyaya. Lubos natin itong mauunawaan kapag nakita natin ang sinasabi ni Kristo sa mga alagad sa Emaus: "Di ba't kailangang magdusa nang ganito ang mesiyas bago pumasok sa kanyang Luwalhati?" (Lc 24:26).

Nadama niyang kabahagi siya sa mga kasalanan ng kanyang bayan at nakita niyang makatarungan lamang na siya'y parusahan, kahit na hinihingi niyang maligtas sa kaparusahang ito.

Itinuring niyang hindi niya kayang lumabang magisa sa buhay, at kamatayan ang hinihingi niya, subalit ipinauubaya niya ang lahat sa mga kamay ng Diyos. Ganito rin ang ginawa ni Kristo (Mt 26:39).

Ang kanyang dalangin ay para humingi ng lakas at kakayahang tupdin ang sinasabi ng Diyos, ang hingi ng Diyos, at hindi para iharap sa Diyos ang kanyang personal na plano at hingin sa kanyang magkatotoo ito, gaya ng karaniwan nating ginagawa sa ating pagdarasal.

• 7. Kapag nalagay ang tao sa katayuan ni Sara, agad niyang sinisisi ang Diyos.

Pinag-iisipan ni Sara ang kanyang problema, at sa kanyang pag-iisip, nakikita niyang dapat siyang magbago ng isip at huwag hangaring mamatay. Kung isang pangyayari lamang ang titingnan natin na nakahiwalay sa kabuuan ng buhay, maaari nga tayong masiraan ng loob, pero kung ang kabuuan ang titingnan natin, lagi tayong makakakita ng dahilan para makibaka.

Ang pagmamahal sa kanyang mga magulang at ang hangad niyang mabigyan sila ng mga tagapagmana ang naging dahilan ni Sara para patuloy na mabuhay.

Ang pagtingin sa isang bahagi lamang ng buhay, halimbawa'y sa pangkabuhayan, ang laging dahilan ng kawalang-pag-asa. Kalimitan, gusto nang iwan ng isang nakikibaka o namumuno ang lahat sapagkat may bumatikos sa kanya, na hindi pinapansin ang lahat ng kabutihang hindi na niya magagawa.

11 At iniunat niya ang kanyang mga kamay,
sa bintana at nanalangin: Kapuri-puri ka, O
Panginoong aking Diyos, at kapuri-puri ang
iyong banal at maluwalhating Pangalan mag-
pakailanman. Purihin ka nawa magpakailan-
man ng lahat mong mga gawa. 12 Panginoon, sa
iyo ko iniharap ang aking mukha, at ibinaling
ang aking mga mata. 13 Iutos mong lumaya ako
sa lupa upang hindi na makarinig pa ng mga
paghamak. 14 Alam mo, O Panginoon, na ma-
linis ako at hindi nagalaw ng sinumang lalaki.
15 Hindi ko dinungisan ang aking pangalan, o
ang pangalan ng aking ama sa bansang bu-
mihag sa amin.

Ako lamang ang anak ng aking ama. Wala
siyang ibang anak na lalaki o babae na kanyang
tagapagmana, o malapit na kamag-anak kaya
na maibibigay sa akin bilang asawa. Pito nang
asawa ko ang namatay kaya bakit pa ako na-
bubuhay? Kung ayaw mong mamatay ako, loo-
bin mong igalang ako ng mga tao at kaawaan
upang hindi na ako makarinig pa ng anumang
paghamak."

16 Narinig ng Panginoon sa kanyang luwalhati
ang panalangin ni Tobit at ni Sara 17 at sinugo
niya ang anghel na si Rafael para gamutin ang
dalawa – upang ibalik kay Tobit ang kanyang
paningin, at upang ibigay kay Tobias na anak ni
Tobit bilang asawa si Sara na anak ni Raguel, at
upang igapos ni Rafael ang masamang demon-
yong si Asmodeo dahil dapat maging asawa ni
Tobias si Sara.

**Matanda na si Tobit, pinapunta niya si Tobias sa malayo**

4 • 1 Nang araw ring iyon, naalala ni Tobit
ang perang pinaingatan niya kay Gabael
ng Rages sa Media, 2 at sinabi niya sa kanyang
sarili: "Hiningi ko na ang kamatayan, hindi kaya
makabubuting tawagin ko si Tobias at sabihin sa
kanya ang tungkol sa pera bago ako mamatay?"

3 Tinawag niya si Tobias at sinabi rito: "Anak
ko, pagkamatay ko, asikasuhin mo ang aking
libing. Alagaan mo ang iyong ina. Igalang mo
siya sa buong buhay mo. Pasayahin mo siya at
huwag bigyan ng sama ng loob. 4 Alalahanin mo
anak ko, ang lahat ng panganib na sinuong niya
para sa iyo nang nasa sinapupunan ka pa niya.
At pag namatay siya, ilibing mo siya sa tabi ko
sa iisang libingan. 5 Lagi mong alalahanin ang
Panginoong ating Diyos. Huwag kang kusang
magkakasala o lalabag sa kanyang mga utos.
Maging makatarungan ka sa lahat ng araw ng
iyong buhay, at huwag kang lalakad sa daan ng
mga pagkakamali, 6 sapagkat kung magiging
matuwid ka, magtatagumpay ka sa lahat ng
iyong gagawin.

7 Mula sa kung anong meron ka, maglimos ka
sa mga makatarungan at gumagawa ng mabuti.
Huwag maging sakim sa pera sa paglilimos mo.
Huwag mong talikuran ang sinumang dukha
upang huwag ka ring talikuran ng Diyos. 8 Mag-
limos ayon sa meron ka: kung marami, mag-
bigay ka nang maganda; kung kakaunti, huwag
kang matakot magbigay. 9 At ito ang magiging
yaman mo sa araw ng pangangailangan, 10 sa-
pagkat pinalalaya tayo sa kamatayan ng pagli-
limos at inilalayo sa paglakad sa kadiliman.
11 Mahalagang handog nga ang paglilimos kung
sa paningin ng Diyos ito ginagawa.

12 Lumayo ka, anak ko, sa lahat ng kahalayan
at higit sa lahat, isang katribu ang kunin mong
asawa. Huwag kang mag-aasawa ng babaeng
dayuhan, na hindi katribu ng iyong mga ninuno,
sapagkat mga anak tayo ng mga propeta. Ala-
lahanin mo, anak ko, ang ating mga ninunong
sina Noe, Abraham, Isaac at Jacob. Pumili nga
silang lahat ng mga babaeng kamag-anak nila,
at pinagpala sila sa kanilang mga anak at na-
pasakanilang lahi ang lupain. 13 Ang nag-a-
asawa ng babaeng dayuhan ay hindi lamang
hindi nagmamahal sa kanyang mga kamag-
anak kundi humahamak sa mga anak ng sarili
niyang bayan. Naghahatid ng pagkawasak at
ganap na pagbagsak ang amor propio; nasa
katamaran ang labis na kahihiyan at paghihi-
kahos; ang katamaran ang ina ng pangangai-
langan.

14 Huwag mong aantalahin ang suweldo ng
naglilingkod sa iyo, kundi ibigay iyon kaagad.

---

• **4.1** Sa sandali ng paglalakbay ng batang Tobias, ibinibigay ng kanyang ama ang lahat ng kanyang karunungan sa kanya. Katapatan, siyempre, sa lahat ng yugto ng buhay, sa kaalamang makatarungan ang Diyos at hindi niya kailanman kinalilimutang gantimpalaan ang mga naglilingkod sa kanya – nagsasalita si Tobit mula sa mahabang karanasan sa buhay at kaalaman sa kalinga ng Diyos.

Sumusunod ang paanyayang magbigay ng "limos," isang salitang wari'y makaluma pero simple lamang ang kahulugan: pamamahagi. Naging napakadukha man ang bayang Judio, pangkaraniwan pa rin sa kanila ang magbigay ng ikapu ng kanilang kita.

Pagkatapos, ang utos na magpakasal sa isang babaeng kalahi at karelihiyon niya. Siyempre, matatagpuan natin doon ang kamalayan ng mga Judio na kailangang ibukod nila ang kanilang sarili sa iba upang maging tapat sa kanilang misyon. Ngunit para rin sa mga Kristiyano, ang kasal ay hindi maaaring maging paraan lamang para magmahalan: kailangan din nitong laging magsilbi sa isang misyon.

Gagantimpalaan ka kung maglilingkod ka sa Diyos.

Mag-ingat ka sa lahat ng iyong kilos at umasal nang wasto. [15] Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo. Huwag kang uminom ng alak hanggang malasing; huwag mong gawing kasama ang paglalasing.

[16] Ibigay mo ang iyong tinapay sa mga nagugutom at ang iyong damit sa mga hubad; ilimos mo sa iba ang lahat ng labis sa iyo. [17] Ikalat mo ang iyong tinapay sa libingan ng mga makatarungan; at huwag ibigay sa mga makasalanan. [18] Hingin mo ang payo ng mga marunong at huwag hamakin ang anumang kapaki-pakinabang na payo.

[19] Purihin ang Panginoon sa lahat ng pagkakataon at hingin sa kanya na maging matuwid ang iyong mga gawi, magtagumpay ang lahat mong balak at layunin. Sapagkat hindi lahat ng bansa ay may karunungan. Ang Panginoon lamang ang nagbibigay ng lahat ng mabuti, at hinihiya niya ang gusto niyang hiyain. Anak ko, alalahanin mo ang aking mga tagubilin at huwag pawiin sa iyong puso.

[20] Gusto ko ring ituro sa iyo ang sampung bareta ng pilak na ipinagkatiwala ko kay Gabael na anak ni Gabri ng Rages sa Media. [21] Huwag kang matakot, anak ko, kung naging dukha tayo. Kung may takot ka sa Diyos, kung lumalayo ka sa lahat ng pagkakasala at kung ginagawa mo ang kalugud-lugod sa Diyos, may malaking kayamanan ka na rito."

**5** [1] Sinabi ni Tobias kay Tobit: "Ama, gagawin ko ang lahat ng sinabi mo. [2] Ngunit paano ko mababawi ang pera sa lalaking iyon? Hindi niya ako kilala at hindi ko rin siya kilala. Anong katibayan ang ibibigay ko sa kanya para paniwalaan niya ako at ibigay sa akin ang pera? Isa pa'y hindi ko alam ang daan patungo sa Media."

[3] Kaya ibinigay ni Tobit kay Tobias ang resibo at sinabi: "Anak ko, humanap ka ng isang taong mapagkakatiwalaan para samahan ka, at pagbabalik ninyo, susuwelduhan ko siya habambuhay. Pagdating ninyo sa Rages, bawiin mo ang pera kay Gabael."

**Naghahanap siya ng kasama at anghel ang ibinigay sa kanya**

• [4] Lumabas si Tobias at naghanap ng taong puwedeng sumama sa kanya at nakita niya si Rafael, pero hindi niya alam na anghel si Rafael. [5] Sinabi ni Tobias kay Rafael: "Puwede mo ba akong samahan sa Rages ng Media? Alam mo ba ang daan?" [6] Sinabi naman ng anghel kay Tobias: "Sasamahan kita. Alam ko ang daan, at nakituloy nga ako kay Gabael na kamag-anak natin sa Rages ng Media."

[7] Sinabi ni Tobias kay Rafael: "Hintayin mo ako. Kakausapin ko lamang ang aking ama. Gusto kong samahan mo ako sa Media at susuwelduhan kita." [8] Sinabi ni Rafael kay Tobias: "Sige, pero huwag kang magtatagal." [9] Pumasok si Tobias at sinabi sa kanyang ama na nakita na niya ang lalaking sasama sa kanya." Sinabi ng kanyang ama: "Iharap mo sa akin ang lalaking ito. Gusto kong malaman ang kanyang angkan at tribu. Gusto kong makita kung mapagkakatiwalaan siyang sumama sa iyo." Lumabas si Tobias at tinawag si Rafael: "Kaibigan, gusto kang makita ng aking ama." [10] Pumasok si Rafael sa bahay at lumapit kay Tobit.

[11] Sinabi ni Tobit sa kanya: "Kaibigan, saang angkan at tribu ka galing? Sabihin mo sa akin." [12] Sinabi ni Rafael: "Tribu ba ang hinahanap ninyo o isang lalaking sasama sa inyong anak?" Sinabi ni Tobit: "Kaibigan, gusto kong malaman ang iyong tribu at ang iyong pangalan."

[13] Sumagot si Rafael: "Ako si Azarias na anak ni Ananias na Dakila, na isa sa inyong mga kamag-anak." [14] Sinabi ni Tobit: "Mabuti sana ang lagay mo, kapatid! Huwag kang magalit sa akin dahil gusto kong malaman ang iyong tribu at ang iyong angkan. At ngayo'y alam ko nang kamag-anak pala kita, na galing ka sa isang dakila at butihing angkan. Kilala ko sina Ananias at Natan na mga anak ni Semeias na Dakila. Magkakasama kami noon papunta sa Jerusalem para sumamba roon at dalhin ang unang anak ng aming tupa, at ang ikapu ng aming ani. Hindi sila sumunod sa mga kaugaliang pagano nang lumihis ng landas ang kanilang mga kababayan. Kaibigan, galing ka sa mabuting angkan. [15] Ngunit sabihin mo sa akin kung anong suweldo ang dapat kong ibigay sa iyo; isang drakma ba isang araw, at anumang kailangan mo at ng aking anak? [16] Bibigyan kita ng higit pa kung makakabalik kayong ligtas." Gayon nga ang napagkasunduan nila.

Sinabi ni Rafael kay Tobit. "Sasamahan ko siya, huwag kayong mag-alala. Ligtas kaming aalis at ligtas ding babalik dahil sigurado ko ang

---

• **5.4** Ang pagpunta ni Tobias sa Rages ay isa ring paglalakbay sa buhay-espiritu. May nasalubong siyang anghel ng Diyos sa anyong tao at ang kaibigang ito na si Azarias ang tutulong sa kanya sa pamamagitan ng payo. Aakayin siya nitong madiskubre ang loob ng Diyos at sa gayon mapalalaya ni Tobias si Sara sa kanyang demonyo.

daan." 17 Tinawag ni Tobit ang kanyang anak na si Tobias at sinabi: "Anak, ihanda mo na ang mga kailangan sa paglalakbay at lumakad na kayo ng kaibigan mo. Pangalagaan nawa kayo ng Diyos ng Langit sa daan at ibalik sa akin nang ligtas. Samahan nawa kayo ng kanyang anghel."

Naghanda nga si Tobias para umalis. Hinagkan niya ang kanyang ama at ina, at sinabi ni Tobit kay Tobias: "Maluwalhating paglalakbay!"

18 Paalis na ang magkasama at kasunod nila ang aso ni Tobias, nang biglang humagulgol si Ana na ina ni Tobias, at sinabi kay Tobit: "Bakit mo pinaalis ang ating anak? Hindi ba siya ang ating tungkod sa kanyang pagpaparoo't parito?"

19 Sinabi pa ni Ana: "Ano'ng silbi ng pagpaparami ng pera? Mawala na ang lahat, maligtas lamang ang ating anak. 20 Hindi pa ba sapat ang bigay sa atin ng Diyos para mabuhay?"

21 Sinabi ni Tobit sa kanya: "Huwag kang mabalisa, kapatid ko. Babalik siyang ligtas. Makikita mo siyang muli. 22 Sasamahan nga siya ng isang mabuting anghel; magtatagumpay ang kanyang lakad at uuwi siyang ligtas."

**Ang isda sa Ilog Tigris**

6 1 At tumigil sa pag-iyak si Ana. 2 Ipinagpatuloy nina Rafael at Tobias ang kanilang paglalakbay at dumating sila kinagabihan sa Ilog Tigris. Doon sila nagpalipas ng gabi.

3 Paglusong ni Tobias sa ilog para maghugas ng paa, may isang malaking isdang biglang lumitaw at muntik nang sakmalin ang paa ni Tobias. 4 Sinabi ni Rafael kay Tobias: "Hulihin mo ang isda!" Hinuli ni Tobias ang isda at hinila sa pampang. 5 Sinabi naman ni Rafael kay Tobias: "Biyakin mo ang isda. Kunin mo ang puso, atay at apdo, at ibukod. Itapon mo naman ang mga bituka. Mahalagang panlunas ang apdo, puso at atay ng isdang ito." 6 Ginawa ni Tobias ang sinabi ng anghel. Biniyak niya ang isda at itinabi ang apdo, puso at atay; at saka nila iniluto ang isda at kinain iyon.

7 Pagkatapos ay nagpatuloy ang dalawa sa kanilang paglalakbay hanggang dumating sila sa may Media. Sinabi ni Tobias kay Rafael: "Kapatid Azarias, anong panlunas ang nasa puso, atay at apdo ng isda?" 8 Sinabi ni Rafael sa kanya: "Kapag sinunog mo ang puso at atay sa harap ng isang lalaki o babaeng pinahihirapan ng demonyo o ng masamang espiritu, mapapawi ang kanilang paghihirap. 9 Ang apdo naman ay pamahid sa mga matang may bahid na puti para gumaling.

10 Pagdating nila sa Media at malapit na sa Ekbatana, 11 sinabi ni Rafael kay Tobias: "Kaibigan, sa bahay ni Raguel tayo tutuloy ngayong gabi. Kamag-anak mo siya. Wala siyang anak na lalaki kundi isang babae lamang na nagngangalang Sara. 12 Kakausapin ko ang kanyang ama tungkol sa kanya para ibigay niya siya sa iyo bilang asawa. 13 Ikaw ang pinakamalapit na kamag-anak nila at malaya mo siyang mapakakasalan. Ikaw lamang ang katribu niya at ikaw ang dapat magmana sa mga ari-arian ng kanyang ama. Matalino at butihin siyang babae, at matapang at napakaganda, at mabuting tao ang kanyang ama. Kaya makinig ka, kaibigan, ipakakasal ka namin ngayong gabi sa kanya. Pagbalik natin galing sa Rages, isasama natin siya at iuuwi sa iyong tahanan. Hindi siya puwedeng tumanggi o ibigay sa iba pang lalaki sapagkat sinasabi ng Batas ni Moises na dapat patayin ang lalabag dito. Kayat alam kong hindi siya ibibigay ni Raguel sa iba pang lalaki."

**Masunuring anak**

• 14 At sinabi ni Tobias kay Rafael: "Kaibigang Azarias, nabalitaan kong ang babaeng ito ay ipinakasal na sa pitong lalaki at lahat ay namatay sa gabi ng pulutgata. Ako ang tanging anak ng aking ama at nangangamba akong baka mamatay rin ako paglapit ko sa kanya, gaya ng lahat ng nauna sa akin, sapagkat may demonyong umiibig sa kanya at sinasaktan nito ang sinumang lumalapit sa kanya. 15 Takot akong mamatay, at natatakot din akong mamatay sa dalamhati ang aking ama at ina dahil

---

• **6.**14 Ang pagdiriwang ng kasal na ito ay kabilang, unang-una, sa relihiyong pampamilya. Ganito sa maraming bansa at relihiyon. Mahirap sabihin kung ano ang idinagdag sa liturhiyang pampamilyang ito nang hangarin ng mga Kristiyano nang unang Iglesya na kilalanin ang kanilang kasal. Ang pamilya ayon sa tradisyon ang nagpapalagay na may tungkulin itong papanatilihin ang sarili sa pamamagitan ng kasal.

Sa mga huling siglo lamang inilagay sa unang puwesto ang pag-iibigan; at di pa natatagalan ay natagpuan na natin ang ating sarili sa isang malaking krisis ng ikadalawampung siglo: ang pamilya, bakit? At sa mga bansang matatanda na, ang pagpili sa pagkamatay ay itinuring na normal: ang mag-asawang walang anak o may isa o dalawa; sa madaling salita, ang pagkamatay ng bansa humigit-kumulang sa maikling panahon.

Tingnan ang panawagan sa batas ni Moises: tinutulungan ng opisyal na pagdiriwang ng kasal ang mag-asawa na maunawaan na talagang inilalaan nila ang kanilang buhay: hindi nila matatagpuan ang kanilang sarili maliban kung ito'y pagtupad sa iisang misyon.

sa akin, sapagkat wala na silang iba pang anak
na maglilibing sa kanila."
16 Sinabi ng anghel kay Tobias: "Nalimutan
mo na ba ang payo ng iyong ama, na mula sa
inyong angkan ka kumuha ng mapapanga-
sawa? Kaya makinig ka sa akin, kaibigan. Siya
ang magiging asawa mo. Mapapangasawa mo
siya sa gabing ito kaya huwag kang mag-alala
sa demonyo.
17 Pagpasok mo sa silid ng pulutgata, mag-
dala ka ng nagbabagang kamanyang, at ilagay
mo sa ibabaw nito ang kapirasong puso at atay
ng isda. 18 Pag-usok ng baga, maaamoy iyon ng
demonyo at lalayas iyon at hindi na babalik pa.
At paglapit mo kay Sara, pareho kayong tu-
mayo at manalangin sa Diyos na maawain.
Ililigtas niya kayo sapagkat may awa siya.
Huwag kang matakot sapagkat mula pa noong
unang-una'y si Sara na ang nakatakdang ma-
pangasawa mo. Ililigtas mo siya, at sasama siya
sa atin. At natitiyak kong magkakaanak siya sa
iyo."
Nang marinig ni Tobias ang mga sinabi ni
Rafael, minahal niya si Sara at nadama niyang
tumibok ang kanyang puso sa kanya.

7 1 Pagdating nila sa Ekbatana, sinabi ni
Tobias kay Rafael: "Kaibigang Azarias, du-
meretso na tayo kay Raguel na kapatid natin."
Kayat pumunta sila sa bahay ni Raguel, at
dinatnan nila itong nakaupo sa may pintuan ng
patyo.
2 Sinabi ni Raguel sa kanyang asawang si
Edna: "Kamukha ng pinsan kong si Tobit ang
binatang ito!" 3 Tinanong sila ni Edna: "Taga-
saan kayo, mga kaibigan?" Sumagot sila: "Mga
taga-Neftali kami na ipinatapon sa Ninive."
4 Tinanong sila ng babae: "Kilala ba ninyo ang
kamag-anak naming si Tobit?" 5 Sumagot sila:
"Oo, kilala namin siya." Nagpatuloy si Edna:
"Kumusta naman siya?" At sinabi ni Tobias:
"Ama ko si Tobit."
6 Patakbong lumapit sa kanya si Raguel at
pinaghahalikan siya, at lumuluhang binasbasan
si Tobias, at sinabi sa kanya: "Pagpalain ka,
anak ka ng mabuti at marangal na lalaki!"
7 Nalungkot at umiyak si Raguel nang malaman
nito na nabulag si Tobit: "Anong kasawiam-
palad na mabulag ang isang lalaking makata-
rungan at may magandang kalooban!" 8 Umiyak
din ang kanyang asawang si Edna at ang kan-
yang anak na si Sara. At buong kagandahang-
loob nilang pinatuloy sina Tobias at Rafael.
9 Nagkatay sila ng isang tupa at hinainan sila ng
iba-ibang putahe.

**Ang pag-aasawa ng mga anak ng Diyos**

Pagkapaligo nila't pagkapaglinis, habang
nagpapahinga sila pagkakain, sinabi ni Tobias
kay Rafael: "Kaibigang Azarias, sabihin mo kay
Raguel na ibigay niya sa akin ang kamag-anak
kong si Sara. Sabihin mo sa kanya ang mga
sinabi mo sa akin sa ating paglalakbay at nang
maganap na." 10 Narinig ni Raguel ang pag-
uusap ng dalawa at sinabi niya kay Tobias:
"Kumain ka, uminom at magpakaligaya nga-
yong gabi. Ikaw ang pinaka-may-karapatan sa
aking anak na si Sara sapagkat ikaw ang pi-
nakamalapit kong kamag-anak. Hindi ko nga
siya maibibigay sa ibang lalaki kundi sa iyo
lamang. Ngunit, anak, kailangang sabihin ko sa
iyo ang buong pangyayari. 11 Ibinigay ko na siya
sa pitong lalaking kamag-anak natin at nama-
tay silang lahat sa gabi ng kasal. Pero ngayon,
anak, kumain ka't uminom, at ang Panginoon
ang bahala sa iyo."
Sinabi ni Tobias: "Hindi ako kakain o iinom
hangga't hindi ninyo napagpapasyahan ang
bagay na ito." Sinabi ni Raguel kay Tobias:
"Kunin mo na siya mula ngayon, ibinibigay ko
siya sa iyo ayon sa Batas ni Moises at dapat
mong unawain na ang Diyos mismo ang nag-
bibigay kay Sara sa iyo. Tanggapin mo ang
iyong kamag-anak, mula ngayo'y magkapatid
na kayo. Iyo na siya mula ngayon at magpa-
kailanman. Babasbasan ka ng Diyos ngayong
gabi at ibigay nawa niya sa iyo ang kanyang awa
at kapayapaan."
12 Tinawag niya ang kanyang anak na si Sara
at hinawakan ito sa kamay at ibinigay kay
Tobias bilang asawa. Sinabi niya: "Ayon sa Ba-
tas ni Moises, kunin mo na siya ngayon at iuwi
sa bahay ng iyong ama." At binasbasan niya ang
dalawa.
13 At tinawag ni Raguel ang kanyang asa-
wang si Edna na kumuha ng kapirasong papel at
isinulat ang kontrata ng kasal at saka tinatakan
ng kani-kanilang pantatak.
14 At kumain silang lahat at uminom. 15 Tina-
wag ni Raguel ang kanyang asawa at sinabi:
"Kapatid, ihanda mo ang kabilang silid at dalhin
mo roon si Sara." 16 Ginawa nga ni Edna ang
sinabi ni Raguel, at dinala niya sa silid na iyon si
Sara, at nagsimulang umiyak si Sara. Pinahid ni
Edna ang mga luha ng kanyang anak at sinabi:
17 "Lakasan mo ang iyong loob, anak ko, haha-
linhan ng kaligayahan ng Diyos ng Langit ang
iyong kalungkutan. Magtiwala ka, anak ko!"

8 1 Pagkatapos nilang kumain at uminom,
gusto na nilang matulog kayat sinamahan

nila si Tobias sa tulugan nila ni Sara. 2 Naalala ni
Tobias ang mga salita ni Rafael. Kinuha niya sa
sisidlan ang puso at atay ng isda, at inilagay sa
ibabaw ng nagbabagang kamanyang. 3 Itinaboy
ng amoy ng isda ang demonyo, papunta sa
matataas na lugar ng Ehipto kung saan siya
ikinadena ni Rafael.

4 Nang makaalis na sa silid ang mga magu-
lang ni Sara at naisara ang pinto, tumindig si
Tobias mula sa kama at sinabi kay Sara: "Bu-
mangon ka, kapatid, at hingin natin sa Pangi-
noon na kaawaan niya tayo at iligtas." 5 Nag-
simula si Tobias:

"Purihin ka nawa, Panginoong Diyos ng
aming mga ninuno, at purihin nawa magpa-
kailanman ang iyong banal at maluwalhating
Pangalan. Purihin ka ng kalangitan at lahat
mong nilikha. 6 Nilikha mo si Adan at ibinigay sa
kanya si Eva na kanyang asawa bilang katulong
at kasama, upang mula sa kanilang dalawa'y
isilang ang lahi ng mga tao.

Sinabi mo: 'Hindi mabuti na nag-iisa ang
lalaki, bigyan natin siya ng kasamang tulad
niya.' 7 Ngayon, Panginoon, kinukuha ko ang
aking kapatid, taglay ang katapatan, at hindi sa
paghahanap lamang ng kasiyahan. Kaawaan
mo kami at magkasama kaming bigyan ng
mahabang buhay.

8 Sabay nilang sinabi: "Amen," 9 at nahiga na
ang dalawa nang gabing iyon.

Maagang gumising si Raguel at tinawag ang
kanyang mga utusan at nagpahukay na sa
kanila ng libingan. 10 Naisip nga niya: "Baka
namatay rin ang lalaking ito." 11 Pagpasok ni
Raguel sa bahay, sinabi niya sa kanyang asa-
wang si Edna: 12 "Patingnan mo sa isa sa mga
utusang babae kung buhay pa siya. Kung patay
na, ililibing natin siya nang walang nakaaalam."

13 Binuksan ng babaeng utusan ang pinto at
nakitang natutulog ang dalawa. 14 Nagbalik siya
at sinabing buhay si Tobias. 15 Pinuri ni Raguel
ang Panginoon:

"Purihin ka, o Panginoon, sa lahat ng pa-
puring dalisay at banal. Purihin ka ng lahat mong
mga anghel at mga nilikha. 16 Purihin ka sa
pagpuspos mo sa akin ng galak. Hindi nangyari
ang kinatatakutan ko at sa halip ay labis mo
kaming pinagmagandahang-loob, 17 at kinaha-
bagan ang dalawang iyon na mga bugtong na
anak namin. Kahabagan mo sila, Panginoon, at
bigyang-kalusugan at galak sa buong buhay
nila.

18 At pinatabunan niya sa mga utusan ang
libingan bago sumikat ang araw. 19 Pinapagluto
niya ng tinapay ang kanyang asawa. Nagpunta
naman siya sa kuwadra at kumuha ng dalawang
baka at apat na tupa, at ipinakatay at ipina-
handa ang mga iyon. 20 Saka niya tinawag si
Tobias at sinabi rito: "Dumito ka nang labing-
apat na araw, kakain at iinom ka sa aking bahay
at bigyang-kaligayahan ang aking anak na
marami nang hirap na tiniis. 21 Iuuwi mo ang
kalahati ng aking mga ari-arian; mapapasaiyo
rin ang kalahati pa pagkamatay namin ni Edna.
Magtiwala ka, anak ko, ama mo na ako ngayon
at iyong ina naman si Edna. Magtiwala ka!"

9
1 Tinawag ni Tobias si Rafael at sinabi
rito: 2 "Kapatid Azarias, magsama ka ng
isang utusang lalaki at dalawang kamelyo at
magpunta sa Rages ng Media. 3 Puntahan mo si
Gabael at bawiin ang pera. At isama mo rin siya
sa kasal. Nakita mong pinasumpa ako ni Raguel
kaya hindi ako makaalis sa bahay na ito. 4 Alam
mo ring binibilang ng aking ama ang mga araw,
at mag-aalala siya kapag natagalan pa ako.

5 Lumakad si Rafael, at sa bahay ni Gabael
nagpalipas ng gabi. Ipinakita ni Rafael ang
resibo at inilabas naman ni Gabael ang mga
nakaselyong sako ng pera at ibinigay iyon sa
kanya. 6 Maaga silang gumising kinaumagahan
at nagtuloy sa kasalan. Pagpasok nila sa bahay
ni Raguel, nakita nilang nasa hapag na si Tobias.
Nilapitan ni Gabael si Tobias at niyakap, at
binasbasan.

10
1 Tuwing umaga'y binibilang ni Tobit ang
mga araw. Nang sumapit ang panahon at
hindi pa sila dumarating, 2 inisip niyang: "Baka
tinanggihan siya, o baka patay na si Gabael at
walang makapagsasauli sa kanya ng pera."
3 Labis siyang nalungkot. 4 Sinabi ng kanyang
asawang si Ana: "Patay na ang aking anak, kung
hindi'y hindi siya matatagalan." Nagsimula
itong umiyak: 5 "Bakit kita pinayagang luma-
kad, liwanag ng aking mga mata?" 6 Sinabi ni
Tobit sa kanya: "Payapain mo ang iyong sarili,
kapatid. Huwag kang mag-alala. Nasa mabuti
siyang kalagayan." 7 Sumagot siya: "Tama na,
huwag mo na akong linlangin pa, patay na ang
anak ko." Araw-araw niyang pinupuntahan ang
daang tinahak ng kanyang anak. Di siya ma-
kakain sa araw; sa gabi nama'y wala siyang tigil
sa pag-iyak at hindi makatulog.

Pagkatapos ng labing-apat na araw ng pag-
pipiyesta ayon sa ipinangako niya kay Raguel,
nakipagkita si Tobias kay Raguel at sinabi rito:
"Pauwiin mo na ako dahil tiyak na naninimdim
na ang aking mga magulang na hindi na nila ako
makikita pa." 8 Sumagot si Raguel: "Dumito ka
at magsusugo ako ng mga tao sa iyong ama
para balitaan siya tungkol sa iyo." 9 Sinabi ni

Tobias: "Huwag na, ako na ang papuntahin mo sa kanila." 10 Kaya ibinigay sa kanya ni Raguel si Sara na kanyang asawa at ang kalahati sa mga ari-arian nito: mga utusan, tupa, at pilak. Binasbasan sila ni Raguel at saka pinaalis. 11 Bilang pamamaalam, sinabi niya kay Tobias: "Paalam, anak ko! Basbasan nawa kayo ng Panginoon ng Langit at makita ko sana ang inyong mga anak bago ako mamatay."

12 Sinabi naman niya sa kanyang anak na si Sara: "Igalang mo ang iyong mga biyenan, sapagkat mga magulang mo na rin sila mula ngayon. At maging mabuti sana ang lahat ng mababalitaan namin tungkol sa iyo." Niyakap niya si Sara at saka pinaalis. 13 Sinabi naman ni Edna kay Tobias: "Mahal kong anak, ibalik sana kayo ng Panginoon balang araw para makita ko ang inyong mga anak at maging maligaya sa harap ng Panginoon. Ipinagkakatiwala ko sa iyo ang aking anak. Huwag mo siyang palulungkutin."

14 Umalis si Tobias. Pinuri niya ang Diyos dahil tagumpay ang kanyang lakad at binasbasan niya si Raguel at ang asawa nitong si Edna.

**Umuwi si Tobias sa kanyang mga magulang**

**11** 1 Pagdating nila sa may Kaserin na katapat ng lunsod ng Ninive, 2 sinabi ni Rafael kay Tobias: "Alam mo ang lagay ni Tobit na iyong ama, nang iwan natin siya. 3 Umuna na tayo para maihanda ang bahay bago dumating ang asawa mong si Sara. 4 Dalhin mo ang apdo ng isda." Kasama rin nila ang aso na sumusunod sa kanila.

5 Nakaupo naman si Ana, tinatanaw ang daan na panggagalingan ng kanyang anak. 6 Natanaw niya sa malayo sina Tobias at Rafael at sinabi niya sa ama ni Tobias: "Dumarating na ang anak mo, kasama ang lalaking sumama sa kanya."

7 Habang nasa daan pa sina Tobias at Rafael, sinabi ni Rafael kay Tobias: "Natitiyak kong manunumbalik ang paningin ng iyong ama. 8 Ipahid mo sa kanyang mga mata ang apdo ng isda, at kukusutin niya iyon sa oras na mangati at may malalaglag na parang mga kaliskis mula sa kanyang mga mata. At babalik ang kanyang paningin.

9 Patakbong sinalubong ni Ana si Tobias at niyakap: "Sa wakas, nakita uli kita, anak ko! Puwede na akong mamatay ngayon!" At kapwa sila nagsimulang umiyak. 10 Tumindig din si Tobit, at sa pagkadapa'y nakarating din sa pintuan ng patyo. Tumakbo sa kanya si Tobias na hawak ang apdo ng isda; hinipan nito ang mga mata niya, niyakap siya at sinabi, "Manalig ka, ama ko," at 11 ikinalat nito ang apdo ng isda sa mga mata ni Tobit. 12 Naghintay si Tobias, at may nalaglag na parang mga kaliskis mula sa kanyang mga mata. 13 Nang makita ni Tobit ang kanyang anak, niyakap niya ito, 14 at nagsimulang umiyak. Sinabi niya: "Purihin ka, O Diyos. Purihin nawa magpakailanman ang iyong Pangalan. Purihin ang lahat mong mga banal na anghel. Pinarusahan mo ako, ngunit kinahahabagan mo rin ako, at ngayo'y nakikita ko na si Tobias na aking anak."

15 Masayang-masaya si Tobias. Pagkapasok niya'y isinalaysay niya sa kanyang ama ang mahahalagang nangyari sa Media: ang matagumpay niyang paglalakbay, ang pagkabalik ng salapi, at ang kanyang kasal kay Sara na anak ni Raguel, na noo'y palapit na sa pintuan ng Ninive.

16 Maligayang nagpupuri sa Diyos si Tobit, lumabas siya at sinalubong ang kanyang manugang sa pintuan ng Nineve. Namangha ang lahat ng nakakita sa kanya na mag-isang lumalakad at nakakakita. 17 Ipinahayag ni Tobit na kinahahabagan siya ng Diyos. Nilapitan ni Tobit si Sara, binasbasan ito sa pagsasabing: "Maligayang pagdating, anak! Purihin ang Diyos sa pagpapadala niya sa iyo sa amin, at pagpalain din ang iyong ama't ina."

At nagalak din ang mga kamag-anak ni Tobit na nasa Ninive. 18 Dumating din si Ahikar, na pamangkin ni Tobit, at si Nabad mula sa Elimaida at tumagal nang isang linggo ang pagdiriwang sa kasalan.

**Marapat madiskubre at purihin ang mga gawa ng Diyos**

**12** • 1 Tinawag ni Tobit ang kanyang anak na si Tobias, at sinabi: "Huwag mong kalimutang bayaran ang lalaking sumama sa iyo, at kailangang dagdagan pa natin." 2 Sinabi ni

• **12.**1 *Ang paglilimos* – ang pamamahagi – *ay nagpapalaya sa kamatayan at lumilinis sa lahat ng kasalanan.* Ang mga salitang ginagamit ni Tobit ay sa isang lipunang walang pagkakahawig sa lipunan natin. Maraming anyo ng pagbabahaginan sa kasalukuyan na nagsisimula nang mabatid ng mga bansa na kabilang silang lahat sa iisang sangkatauhan. Nananatiling isang pangunahing batas ang pagbabahaginan: kung napakaraming tao at pamilya ngayong nasa gipit na kalagayan sa mga kadahilanang hindi nila laging maisisisi sa "lipunan," kailangan ding tanungin natin ang ating sarili kung sapat ang ginagawa nating pamamahagi sa iba, at sa gayo'y makuha natin ang pagpapala ng Diyos. Uulitin ito ng Mga Aklat ng Karunungan: umuutang at di nagbabayad ang di-matuwid, ang matuwid nama'y bukas-palad na nagbibigay at hindi sila nagkukulang.

Tobias: "Hindi naman siguro magiging labis
kung ibibigay ko sa kanya ang kalahati ng aking
iniuwi. 3 Sapagkat naibalik niya ako nang ligtas.
Inalagaan niya ang aking asawa at tinulungan
niya akong mabawi ang pera. Ginamot din niya
ang inyong pagkabulag." 4 Sinabi ni Tobit: "Ito
ang nararapat sa kanya."
5 Tinawag ni Tobias ang anghel at sinabi rito:
"Kunin mo ang kalahati ng iniuwi mo." 6 Niyaya
ng anghel sina Tobit at Tobias at sinabi niya
nang lihim:
"Purihin ang Diyos, at sa kanya magpa-
salamat, ipahayag ang kanyang luwalhati at
pasalamatan siya sa harap ng lahat ng nabu-
buhay dahil sa lahat ng nagawa niya para sa
inyo. Marapat purihin ang Diyos at dakilain ang
kanyang Pangalan, sa pagpapatotoo sa lahat ng
nagawa ng Diyos. Huwag ipagpabukas na
ipahayag siya. 7 Makabubuting itago ang lihim
ng hari, ngunit marapat ilantad ang mga gawa
ng Diyos. Gumawa ng mabuti at hindi kayo
mapipinsala ng masama. 8 Makabubuting sa-
mahan ng pag-aayuno at paglilimos at kataru-
ngan ang panalangin. Mas mabuti nang mag-
karoon ng kaunti sa paggawa ng mabubuting
gawa kaysa magkaroon ng sagana na wala
namang katarungan. Mas mabuti ang maglimos
kaysa mag-ipon ng ginto. 9 Inililigtas kayo mula
sa kamatayan ng paglilimos; naglilinis ito ng
kasalanan. Mabubuhay nang matagal ang mga
naglilimos at makatarungan, 10 ngunit kaaway
ng kanilang sarili ang mga makasalanan.
11 Wala akong ililihim sa inyo. Oo, sinabi ko
ngang mabuting itago ang lihim ng hari at
marapat namang ipahayag at ipagdangal ang
mga gawa ng Diyos. 12 Tobit, nang manalangin
ka at ang iyong manugang na si Sara, iniharap
ko sa kabanal-banalan ang inyong mga pana-
langin. 13 Kasama mo rin ako, Tobit, nang ilibing
mo ang mga patay. At nang hindi ka nag-
atubiling tumindig at iwan ang iyong pagkain
para itago ang patay, hindi nalihim sa akin ang
mabuti mong gawa dahil kasama mo ako.
14 Sinugo ako ng Diyos para gamutin ka, at
pati si Sara, na iyong manugang. 15 Ako si
Rafael, na isa sa pitong banal na anghel, na
naghaharap sa mga panalangin ng mga banal
na tao at nakatayo sa harap ng Luwalhati ng
Diyos."
16 Kapwa sila nangatal sa takot. Takot na
takot silang nagpatirapa sa lupa. 17 Ngunit sinabi
sa kanila ni Rafael: "Huwag kayong matakot;
sumainyo ang kapayapaan. Purihin ninyong lagi
ang Diyos, 18 sapagkat hindi ako naparito sa
ganang sarili ko, kundi sa kalooban ng Diyos.
Purihin siya magpakailanman! 19 Sa buong
panahong nakikita ninyo ako, hindi ako kumain
o uminom ng kahit ano. Pangitain lamang ninyo
iyon. 20 Purihin at pasalamatan ang Diyos sapag-
kat pabalik na ako sa Nagsugo sa akin. Isulat
ninyo sa isang aklat ang lahat ng nangyari."
21 At pumailanlang si Rafael at nawala. Tu-
mindig naman sina Tobit at Tobias, ngunit hindi
na nila nakita pa si Rafael. 22 Ipinahayag nila ang
mga dakila at kahanga-hangang gawa ng Diyos
at kung paanong napakita sa kanila ang anghel
ng Diyos.

**Ang awit ni Tobit**

13 1 Sa gitna ng lubos na kaligayahan,
gumawa ng isang panalangin si Tobit:
"Purihin ang Diyos na buhay at naghahari sa
lahat ng panahon.
2 Siya ang nagpaparusa at siya ang may awa;
ang nagpapababa sa lugar ng mga patay at
siya ring nagtataas.
Walang sinumang makatatakas sa kanyang
kamay.
3 Ipagbunyi siya, mga anak ng Israel, sa
harap ng mga bansa;
siya nga ang nagkalat sa inyo sa mga bansa
4 Ipinakikita niya ngayon ang kanyang ka-
dakilaan,
dakilain siya sa harap ng lahat ng nabu-
buhay,
sapagkat siya ang ating Diyos at Panginoon,
ang ating Ama magpakailanman.
5 Pinarurusahan niya tayo dahil sa ating mga
kasalanan
ngunit muli niya tayong patatawarin at pag-
bubuklurin
mula sa lahat ng mga bansang pinagkalatan
sa atin.
6 Kung buong puso kayong magbabalik sa
kanya
at mabubuhay nang matuwid sa kanyang
harap,
lilingon siya sa inyo
at hindi na ikukubli ang kanyang mukha sa
inyo.
7 Tingnan ang ginawa niya para sa inyo
at pasalamatan siya nang malakas.
Purihin ang Panginoong makatarungan,
at purihin ang Hari ng mga panahon.
8 Ipahahayag ko siya sa lupaing bumihag sa
akin
at ituturo ang kanyang lakas at kadakilaan sa
makasalanan kong bayan.
Magbalik-loob kayong mga makasalanan
at mamuhay nang matuwid sa harap niya;
tiyak na malulugod siya sa inyo,
at kayo'y kahahabagan.

9 Pupurihin ko ang aking Diyos na Hari ng Langit;
ihahayag ng aking kaluluwa sa kaligayahan
ang kanyang kadakilaan.
10 Purihin siya't ipahayag ng mga nasa Jerusalem.
Jerusalem, banal na lunsod,
gagantihan ng Diyos ang mga gawa ng iyong mga anak
ngunit kaaawaan niyang muli ang mga anak ng makatarungan.
11 Ipahayag mo nang karapat-dapat ang Panginoon
at pagpalain ang Hari ng mga panahon!
Kaya itatayong muli ang Templo sa gitna ng galak;
12 At bibigyang-galak doon ng Diyos ang mga itinapon
at ipakikita ang pag-ibig sa mga kapuspalad.
13 Maraming bansa ang manggagaling sa malayo
upang ipagdiwang ang Pangalan ng Panginoong Diyos.
Magdadala sila ng mga handog sa kanilang mga kamay,
mga handog para sa Hari ng Langit.
Ipakikita ng mga salinlahi ang kanilang galak, at luluwalhatiin magpakailanman ang iyong pangalan.
14 Jerusalem, sumpain ang lahat ng namumuhi sa iyo,
Pagpalain magpakailanman ang lahat ng nagmamahal sa iyo.
15 Matutuwa kayo at magagalak dahil sa lahi ng mga matuwid
sapagkat muling titipunin ang mga matuwid
upang purihin ang Panginoon.
Pagpalain ang mga umiibig sa iyo, Jerusalem,
at nagagalak sa iyong kapayapaan.
16 Pagpalain ang mga namighati dahil sa iyong mga hirap,
muli silang magagalak pagkakita sa iyong luwalhati
at makikihati sila sa iyo magpakailanman.
Pinupuri ng aking kaluluwa ang Diyos, ang Dakilang Hari,
17 sapagkat muling itatayo ang Jerusalem.
Mga sapiro at esmeralda at mahahalagang batong-hiyas
ang kanyang mga pader,
lantay na ginto naman ang kanyang mga tore at muog.
Lalatagan ng iba-ibang kulay na hiyas ang kanyang mga liwasan
may rubi at mga bato ng Ofir.
18 Hihiyaw sa galak ang lahat niyang lansangan
at sisigaw ang mga tagaroon: 'Aleluya.'
Pupurihin nila ang Diyos at sasabihin:
Pagpalain ang Diyos na lumuwalhati sa inyo magpakailanman."

**Mga huling pananalita ni Tobit**

14 1 Dito nagtatapos ang pasasalamat ni
Tobit. Sandaa't labindalawang taon si
Tobit nang payapang mamatay at marangal na
inilibing sa Ninive.
2 Animnapu't dalawang taon si Tobit nang
mabulag. Muli siyang nakakita makaraan ang
walong taon. Naglimos siya at patuloy na nagpupuri
sa Panginoon at ipinapahayag ang dakilang
gawain ng Diyos. 3 Nang matandang-
matanda na siya, tinawag niya si Tobias at sinabi
rito: "Anak, nakikita mong matanda na ako at
malapit nang mamatay. Isama mo ang iyong
mga anak 4 at dalhin sa Media sapagkat naniniwala
ako sa salita ng Diyos na ibinunyag ni
Nahum tungkol sa Ninive. Mangyayari lahat ang
ipinahayag ng mga propetang sugo ng Diyos
tungkol sa Asiria at Ninive; walang salitang di
matutupad, kundi lahat ay mangyayari sa takdang
panahon. Guguho ang Ninive. At magkakaroon
naman ng kapayapaan sa Media sa loob
ng ilang panahon, sapagkat natitiyak ko at
naniniwala akong magaganap ang lahat ng
sinabi ng Diyos. Kaya mas magiging ligtas kayo
roon.

Ikakalat ang ating mga kapatid na nasa lupain
ng Israel at ipatatapon sa malayo. Magiging
tiwangwang ang buong lupain ng Israel at wala
nang maninirahan sa Jerusalem at Samaria.
Susunugin ang Bahay ng Diyos at maiiwang
guho sa loob ng ilang panahon. 5 Ngunit muling
mahahabag ang Diyos at babalik sila sa kanilang
lupain. Muli nilang itatayo ang Bahay,
bagamat hindi na tulad ng una. Pagsapit ng
panahong iyon, muli silang babalik mula sa
pagkabihag. Muli nilang itatayo ang Jerusalem
sa tanang kadakilaan nito. Doon nila muling
itatayo ang Bahay ng Diyos sa lahat ng luwalhati
nito para sa lahat ng salinlahing darating gaya
ng ipinahayag ng mga propeta.
6 Magbabalik-loob ang mga bansa at makikilala
nila na Diyos ang Panginoon. Ibabaon nila
ang kanilang mga diyus-diyusan na nagligaw sa
kanila at pupurihin ng mga bansa ang Diyos ng
Katarungan. 7 Buong katotohanang aalalahanin
ng lahat ng Israelitang naligtas nang panahong
iyon ang Panginoon. Sama-sama silang pupunta
sa Jerusalem. Panatag silang mamumuhay
magpakailanman sa lupain ni Abraham na

isasauli sa kanila. Magagalak ang mga tapat na umiibig sa Diyos. Ngunit malilipol sa balat ng lupa ang mga makasalanan at di-makatarungan.

8 Anak ko, lisanin mo ang Ninive. Huwag kang manatili rito.

9 Ngayon, mga anak ko, paglingkuran ninyo ang Diyos at gawin ang kalugod-lugod sa kanyang paningin. Turuan mo ang iyong mga anak na maglimos at maging makatarungan, alalahanin ang Diyos at purihin ang kanyang pangalan sa bawat sandali, nang buong puso at lakas. 10 Ilibing mo ako nang maayos at ilibing ang iyong ina sa tabi ko. At huwag kayong manatili sa Ninive. Alam mo ba ang ginawa ni Nadab kay Ahikar na nagpalaki sa kanya? Inilibing niya si Ahikar nang buhay. Ngunit pinarusahan ng Diyos si Nadab sa pagbubunyag sa kanyang gawang di matuwid. Inilabas niya si Ahikar sa liwanag at itinapon si Nadab sa walang-hanggang kadiliman. Dahil sa paglilimos ni Ahikar, iniligtas siya sa kamatayang pakana ni Nadab. Si Nadab naman ang nahulog sa patibong at namatay. 11 Tingnan mo kung paano ka ililigtas ng paglilimos at ng pagkamatuwid, at kung paano naman humahantong sa kamatayan ang mga pagkakasala. Ngunit nararamdaman kong malapit nang malagot ang aking hininga." Inihiga nila siya sa kanyang higaan at namatay. Marangal ang ginawa nilang libing sa kanya.

12 Nang mamatay naman ang kanyang inang si Ana, inilibing ito ni Tobias sa tabi ng kanyang ama. Pagkatapos ay nagpunta si Tobias at ang kanyang mag-anak sa Media at sa Ekbatana nanirahan, malapit kay Raguel na kanyang biyenan. 13 Sa marangal niyang katandaan, inilibing niya ang kanyang mga biyenan sa Ekbatana sa Media. Minana ni Tobias ang sambahayan ni Raguel, at ng kanyang amang si Tobit. 14 Namatay si Tobias sa Ekbatana ng Media sa edad na sandaa't dalawampu't pitong taon. 15 Ngunit bago siya namatay, nakita niya ang pagbagsak ng Ninive na winasak nina Nabucodonosor at Asuero. Kayat nagalak siya bago namatay.